


# Learning Guide



in

# Heograpiya/Kasaysayan/ Sibika

GRADE V

# Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam

Department of Education
Bureau of Elementary Education
Pasig City, Philippines
2003

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 9 ng Atas ng Pangulo Bilang 49: "Walang karapatang-sipi ang anumang akda ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas. Gayunman, kung kakalakalin ito, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang gumawa nito."

Ang mga Learning Guides sa Heograpiya/Kasaysayan/Sibika ay inihanda ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Pang-Elementarya. Sadyang inihanda ang mga kagamitang ito upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan gayon din upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat na inihanda ng Instructional Materials Council Secretariat (IMCS).

Iba't ibang kagamitan ang ginamit tulad ng kuwento, tula, maikling dula-dulaan, mga kuwentong bayan at iba pa sa paglalahad ng kasanayang lilinangin kasama ang maraming pagsasanay na angkop sa mga mag-aaral sa mga paaralang elementarya.


**Mga Tagapamahala.** Dr. Lidinila M. Luis-Santos, *Direktor IV*; Dr. Teresita G. Inciong, *Direktor III*; Dr. Merlita A. Nolido, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum*; Ms. Corazon L. Galang, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (1995-1998)*

**Mga Manunulat**. Elizabeth J. Escaño, *Tagapag-ugnay ng Proyekto,* Elizabeth J. Escaño, Federico L. Reyno, Ofelia H. Eustaquio, Noel P. Miranda, Aurea S. Duran, Celia C. Juachon, Concepcion G. Viernes, Marion Grace Murillo, Erlinda Andal, *Tagamasid, Sangay ng Maynila,* Angelita Cagalingan, *Tagamasid, Sangay ng Pasig*, Carmencita Magabo, *Tagamasid, Sangay ng Makati*, Rosalinda Palacao, *Sangay ng Cavite,* Araceli Rivera, *Sangay ng Rizal, Mga Kasapi,* Remedios G. Pardo, Herminia G. Valenzuela, Rowena B. Dino, Glenda P. Monterozo, Myrna D. Latoza, Ferdinand S. Bergado, Wilson T. Sy, Julius Peter Samulde, Romeo A. Granadozin, *Mga Katulong sa Paghahanda,* Eric S. de Guia, Fermin M. Fabella, *Mga Gumuhit ng Larawan*

**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**Curriculum Development Division**

Office Addres: 2nd Floor, Bonifacio Bldg.,
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City
Telephone No.: 632-1361 loc. 2055/2174/2175
Fax No.: 633-7270

## ALAMIN




Suriin ang larawan. Sa iyong palagay saan-saang bahagi ng bansa lumalaganap ang relihiyong Islam? Matalunton mo kaya sa mapa kung saan-saang lalawigan sa bansa ito lumaganap?

Sa araling ito, matatalunton ng mga bata sa mapa ang paglaganap ng relihiyong Islam sa ilang bahagi ng Pilipinas.



# PAG-ARALAN

## PAGHAHANDA

**1. Sa Tulong ng Guro**

- Pagbalik-aralan ang mga palagay sa pagdating ng Islam sa bansa. Pangkatin ang klase at ipasadula ang mga palagay.

**2. Gagawin Namin**

- Maliban sa mga palagay sa pagdating ng Islam sa bansa, pag-usapan ang kanilang sariling palagay.

## PAGLINANG NG KASANAYAN

### 1. Gagawin Ko

- Basahin.

Ayon sa <u>tarsila</u> o matandang kasulatan, <u>si Tuan Mashaika</u> ang nagdala ng pananampalatayang Islam sa Sulu na kung saan ang mga tao roon ay sumasamba pa sa bato at iba pang bagay na walang buhay.



Napangasawa ni <u>Tuan Mashaika</u> ang anak ng pinunong katutubo.



Noong 1380, dumating naman sa Sulu ang Arabong misyonerong si <u>Makdum</u>. Masaya siyang tinanggap ng mga anak ni <u>Tuan Mashaika</u>.




Di nagtagal dumating si <u>Raha Baginda</u> ng Sumatra. Dahil taglay niya ang kaisipang pampulitika ay nakapagtatag siya ng isang pamayanan sa Sulu. Ito ang <u>Buwansa</u>.



Sa pagdating ni Abu Bakr ay napangasawa niya ang anak ng Raha na si Dayang (Prinsesa) Paramisula.




Pagkamatay ni Raha Baginda. Naging kauna-unahang Sultan ng Sulu si Abu Bakr. Maraming Masjid (simbahan) at Madrasah (paaralang Muslim) ang kanyang itinayo.




Napangasawa ni Kabungsuwan ang mga anak na dalaga ng mga datu. Dahil dito naging pinuno siya ng Malabang at Cotabato.




Mula sa Cotabato nakarating ang Islam sa Look ng Saranggani at Golpo ng Davao patungong Lawa ng Lanao dahil nahikayat niya ang mga datung Maranao.



Ayon sa lumang kuwento sa Lanao, isang Shariff Alawi ang nagdala ng Islam mula sa Cotabato hanggang sa bunganga ng Ilog Tagaloan (Misamis Oriental) patungong Bukidnon hanggang sa lawa ng Lanao.




Noong ika-16 na dantaon, lumaganap ang Islam sa ibang bahagi ng bansa. Mula sa Borneo nakarating ito sa Maynila na pinamumunuan ni Raha Sulayman at sa Tondo na pinamumunuan ni Lakandula. Ang Tondo noon ay nakahiwalay pa sa Maynila.




Mula sa Maynila ay nakarating ang Islam sa Lawa ng Laguna patungong Balayan, Batangas at umabot ito sa Mindoro. Maging sa Kabisayaan ay lumaganap din ito.

**2. Sa Tulong ng Guro**

- Sagutin:

  a) Saan nagsimula ang binhi ng relihiyong Islam?

  b) Ano ang nangyari sa Sulu noong 1380?

  c) Ano ang itinatag ni Raha Baginda sa Sulu?

  d) Ano ang ginawa ni Abu Bakr sa Sulu?

e) Paano nakarating sa mga sumusunod na lalawigan ang relihiyong Islam?

- Malabang at Cotabato
- Look ng Saranggani at Golpo ng Davao patungong Lawa ng Lanao

f) Ayon sa lumang kuwento sa Lanao, sino ang nagdala ng Islam rito at saan-saan ito lumaganap?

g) Ano ang nangyari sa relihiyong Islam noong ika-16 na dantaon?

h) Mula sa Maynila, saan-saang lalawigan ng bansa pa ito lumaganap?

**3. Gagawin Ko**

♦ Sa tulong ng mapa, tuntunin/ituro ang pook na pinalaganapan ng relihiyong Islam. Itala ito sa aklat-sulatan.

**4. Gagawin Namin**

♦ Isulat sa talaan ang hinihinging impormasyon tungkol sa paglaganap ng relihiyong Islam.

| Taon | Pook | Pangyayaring Naganap |
|---|---|---|
| | | |
| 1380 | | |
| | | |
| 1475 | | |
| | | |
| Ika-16 dantaon | | |
| | | |

## PAGSASANAY

A. Punan ng wastong titik ang bawat kahon upang mabuo ang salitang tinutukoy.

1. matandang kasulatan

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| T | | | S | | | |

2. nagdala ng binhi ng relihiyong Islam sa Sulu

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | | | | | | K | |

3. nagpalaganap ng relihiyong Islam sa Maguindanao

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | B | | | | | | | | |

4. nagdala sa relihiyong Islam sa Cotabato patungong Misamis Oriental, Bukidnon hanggang Lanao ayon sa lumang kuwento

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| S | | | | I | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | L | | | |

5. mula sa Borneo, nakarating ang relihiyong Islam dito

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Y | | | | |

6. ang pinuno ng Maynila

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | | | | | | | |

7. ang pinuno ng Tondo

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | L | |

8. mula sa Maynila ay nakarating ang Islam patungo sa lawang ito .

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

9. mula sa Balayan, Batangas nakarating ang Islam dito

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

10. maging dito ay lumaganap ang relihiyong Islam

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | B | | | | | | |

B. Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari kung paano lumaganap ang relihiyong Islam sa iba't ibang bahagi ng bansa. Isulat ang bilang 1-5 sa patlang.

_____ 1. Nakarating si Kabungsuwan sa Lawa ng Lanao at nahikayat niya ang mga datung Maranao na manampalataya sa relihiyong Islam.

_____ 2. Noong ika-16 na dantaon, nakarating ang relihiyong Islam mula Maynila patungong Lawa ng Laguna hanggang sa Balayan, Batangas at Mindoro. Maging sa Kabisayaan ay lumaganap ito.

_____ 3. Naging sultan ng Sulu si Abu Bakr at nagpagawa siya ng mga Masjid at Madrasah.


_____ 4. Naniniwala ang mga Muslim na ang mabilis na paglaganap ng Islam ay bunga ng pakikipagkasundo ni Kabungsuwan sa mga namumunong angkan ng Sulu.

_____ 5. Mula naman sa Cotabato nakarating ang Islam sa Look ng Saranggani hanggang sa Golpo ng Davao.

C. Itala ayon sa pagkakasunud-sunod kung saan-saang bahagi ng bansa lumaganap ang relihiyong Islam.

**TANDAAN**

Nagsimula ang binhi ng relihiyong Islam sa Sulu at lumaganap ito sa iba't ibang lalawigan sa Mindanao at ilang bahagi ng Luzon at Visayas.



## PAGLALAPAT

**1. Gagawin Namin**

- Magpangkat-pangkat. Isadula ang kuwento tungkol sa paglaganap ng relihiyong Islam sa iba't ibang bahagi ng bansa.

**2. Gagawin Ko**

- Pangatwiranan ang sitwasyon.


| |
|---|
| *Kung nabubuhay ka noon, palalaganapin mo rin ba ang relihiyong Islam? Bakit?* |

**3. Sa Tulong ng Guro**


- Itala ang mga kasagutan ng mga bata at magbigay ng mungkahi.

**SUBUKIN**


Taluntunin ang balangkas. Isulat ang ruta ng mga lalawigang pinaglaganapan ng relihiyong Islam.




B. Naririto ang blankong mapa. Isulat sa patlang ang tamang lalawigan na pinaglaganapan ng relihiyong Islam.



C. Ayusin ang mga nagkalat na mapa ayon sa ruta ng paglaganap ng relihiyong Islam. Buuin ang pira-pirasong mapa ayon sa ruta ng paglaganap ng relihiyong Islam.





# PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

- Kapanayamin ang ilang Muslim sa inyong pamayanan at itanong kung paano nila pinahahalagahan ang relihiyong Islam.
- Magsaliksik tungkol sa mga aral at tungkulin ng relihiyong Islam.
- Magtanong sa ilang Muslim sa inyong pamayanan na nakapagsagawa ng banal na paglalakbay o "Haji" sa Mecca. Sabihin ang kahalagahan nito.